# Kaso ng COVID sa QC, sumipa sa 31

Mula 29, sumipa na sa 31 ang bilang ng mga kumpirmadong nagpositibo sa coronavirus 2019 (COVID-19) sa QC.

Ayon kay QC Mayor Joy Belmonte, mabilis ang transmission ng virus sa urban poor community sa lungsod.

Patuloy na nasa ilalim ng enhanced community quarantine ang barangay Tandang Sora at barangay Kalusugan dahil sa tatlong kaso na positibo sa Covid 19.

Nangamba naman si Belmonte na baka magkulang sila sa mga awtoridad na magbabantay sa mga lugar na nasa hot zone o nasa extreme enhanced quarantine.

"If you put everything under extreme enhanced community quarantine, magkukulang talaga ang manpower ng Quezon City Police District," pahayag ni Belmonte.

Nangako naman si Belmonte sa mga taga-QC na hindi niya ang mga ito pababayaan at nanawagang makipag tulungan sa lokal na pamahalaan sa pamamagitan ng patuloy na pamamalagi sa tahanan habang naka-quarantine ang buong Luzon partikular ang Metro Manila. *(Angie dela Cruz)*